


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 8:
Mga Dapat Isaalang-alang sa
Pagbuo ng Personal na Pahayag
ng Misyon sa Buhay



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Mga Dapat Isaalang-alang sa Pagbuo ng Personal
Na Pahayag Sa Misyong Sa Buhay
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Marilyn A. Cañete
Editor:	Vicente Jose V. Suarez, II, EMD, Jacqueline A. Mirasol, MT I
Tagasuri:	Jephone P. Yorong, Ed.D.
Tagaguhit:	Edgardo P. Jamilar, Jr.
Tagalapat:	Peter A. Alavanza, Blessy T. Soroyoroy
Tagapamahala:	Dr. Isabelita M. Borres, CESO III Eugenio B. Penales, Ed. D. Sonia D. Gonzales Felix Romy A. Triambulo, CESO VI Ella Grace M. Tagupa, Ed.D. Jephone P. Yorong, Ed.D.

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 8:
Mga Dapat Isaalang-alang Sa
Pagbuo ng Personal na Pahayag
ng Misyon sa Buhay**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay ay hindi basta-basta o madalian. Ito ay nangangailangan ng kritikal na pag-unawa at mainam na pagpapasya dahil dito natin higit na ibinabatay ang bawat magiging kilos o desisyon natin sa buhay. Ang pagpapasya ay isang malaking salik sa pagbuo natin ng ating Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay. Ito ay isang mapang-hamong gawain ng bawat indibiduwal sa araw-araw kung kaya't mahalagang isaisip na ang mga pasyang ating isinasagawa sa ating mga buhay ay may kalakip na bunga o kahihinatnan at ang matalino at maingat na pagpapasya ay kinakailangan nating isagawa sa ating buhay.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

14.4 Nakapagbubuo ng Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay.
(EsP9PK-IVd-14.4)



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.

1. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa dapat na isaalang-alang sa pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay?
 - a. Kailangang pag-isipan ng mabuti ang isasagawang desisyon.
 - b. Suriin mabuti kung ano ang negatibo at positibong epekto nito.
 - c. Ispin kung ito ay may magandanag dulot sa iyo.
 - d. Hayaan kung dulot nito ay negatibong epekto sa iba.
2. Alin sa sumusunod ang dapat taglayin ng isang tao upang makapagpasya ng tama?
 - a. Di nakikialam at mapusok
 - b. Matalino pero marupok
 - c. Masayahin ngunit mapanghusga
 - d. Matatag, may kababaang loob at mapagtimpi

3. Alin sa sumusunod ang angkop na kasagutan kung ikaw ay naging masaya sa iyong pagpapasya at nakatutulong para sa kabutihang panlahat?
 - a. Kung ikaw ay nakapagpapasya ng tama ayon sa kabutihang panlahat.
 - b. Kung ikaw ay may positibong pananaw.
 - c. Kung ikaw ay di naguguluhan sa iyong ginagawa.
 - d. Kung ikaw ay may kahandaan sa pagpapasya.
4. Alin sa sumusunod ang naging batayan sa iyong pagpapasya?
 - a. Puso lamang ang sundin
 - b. Kung anong dikta ng isip at konsensya
 - c. Isip at puso sabay ang taimtim na panalangin
 - d. Konsensya lamang ang pairalin upang ikaw ay makapagpapasya

5-6 Basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon.

Si Carol ay isang mahusay na *theater artist* sa kanilang paaralan at kasalukuyang nasa *junior highschool*. Nais niyang ipagpatuloy ang kanyang pagkahilig sa teatro sa pamamagitan ng pagkuha ng kursong *Speech and Theater and Arts* sa kolehiyo. Tutol naman ang kanyang mga magulang sa kanyang kagustuhan dahil para sa kanila ay hindi aasenso si Carol sa larangang ito.

5. Kung ikaw si Carol, paano mo mapapatunayan ang pagiging pursigido mo sa iyong mga pangarap?
 - a. Tanggapin na lamang ang desisyon ng magulang at kunin ang kursong hindi naman hilig
 - b. Huminto na lamang sa pag-aaral dahil ayaw naming suportahan ng magulang
 - c. Unti-unting patunayan sa mga magulang na kayang magsumikap upang umunlad sa anumang larangan sa buhay
 - d. Kumuha na lamang ng kurso na kagaya ng sa iba
6. Batay sa iyong sagot sa bilang 5, ano ang katangiang ang higit na kinakailangan ni Carol upang maganap ito?
 - a. Tiyaga at katatagan ng loob
 - b. Pagiging Masiyahin
 - c. Pagiging organisado at maayos
 - d. Pagiging sobrang talino

Para sa 7-8.

Hilig ni Gabriel ang pagtugtog ng gitara at paglikha ng mga awitin kaya naman pangarap niyang maging sikat na musikero, samantalang ang kuya naman niyang si Gino ay mahilig mag-resolba ng mga *mathematical problems* at *equations* at pangarap na maging isang sikat na inhinyero. Dahil dito, madalas na ikinukumpara ang dalawa aat sa paningin ng iba ay mas magaling si Gino sa kanyang nakababatang kapatid.

7. Batay sa sitwasyon, ano ang dapat isa-alang-alang ni Gabriel sa aspeto ng pag-abot ng kanyang mga mithiin sa buhay?
 - a. Ang pagkahilig sa musika ay walang kapaki-pakinabang
 - b. Ang pakikinig sa panghuhusga ng ibang tao sa lahat ng oras ay tama
 - c. Ang mga taong magaling sa *math* ay matalino sa lahat ng bagay
 - d. Ang bawat tao aymay iba-ibang kalakasan at kahinaan

8. Kung ikaw si Gabriel, ano ang gagawin mo upang maipagpatuloy ang pagganap ng iyong mithiin sa buhay?
 - a. Makinig sa husga at komento ng mga taong hindi kilala
 - b. Iwasan ang kapatid upang maiwasan rin ang anumang pagkukumpara dito
 - c. Ipagpatuloy ang hilig at kumilos upang mapagyaman pa ang mga hilig at talento
 - d. Ibahin ang hilig upang maging pasok sa panuntunan ng iba

9. Ano ang iniisip ng tao sa tuwing siya'y nagpapasya?
 - a. Kung ano ang maidudulot nito sa buhay
 - b. Kung ano ang kahihinatnan nito sa'yo at sa iba
 - c. Kung ano ang sanhi at bunga ng pagpapasya mo
 - d. Lahat ng nabanggit

10. Alin ang angkop na sitwasyon tungo sa mabuting pagpapasya?
 - a. Laging lumahok si Terry sa anumang party na inaanyayahan siya para maging masaya at makalimutan ang problema sa buhay kahit na may pandemya.
 - b. Ang pag-iwas ni Carlo sa mga kaibigang gumagamit ng bawal na gamot ang dahilan kung bakit nagkaroon siya ng magandang buhay at di naisama sa mga nakulong.
 - c. Walang nagawa ang magulang sa ginawang kalukuhan ng anak dahil sobra nitong pagmamahal.
 - d. Umalis ng bahay si Nena nang di nagpaalam sa magulang dahil gusto niyang mamuhay na mag-isa at di na kailangang hihingi pa ng anuman sa magulang.

Modyul

8

Mga Dapat Isaalang-alang Sa Pagbuo Ng Personal Na Pahayag ng Misyon sa Buhay

Natutuhan natin sa mga nakaraang ukol sa kung ano ang Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay, ang kahalagahan ng pagtatakda nito at maging ang kaugnayan nito sa layuning mapalaganap ang kabutihang panlahat. Ngayon naman ay tatalakayin natin ang mga bagay na marapat isa-alang-alang at tandaan sa pagbuo ng iyong Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay.



Balikan

Sagutin ang tanong:

“Sa iyong palagay, paano makakatulong ang pagbuo mo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay upang maging mapanagutan ka sa iyong pagpapasya at mga kilos at maitaguyod ang kabutihang panlahat?” Magbigay ng halimbawa sa pagpapaliwanag.



Mga Tala para sa Guro

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Inaasahan kong natulungan ka ng mga naunang modyul na ginawa ko para sa iyo. Muli, naghanda na naman ako ng modyul na tutulong sa iyo upang tuklasin ang iyong personal na pahayag ng misyon sa buhay.



Tuklasin

Narito ang halimbawa ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay ng isang mag-aaral.

Balang araw ay nais kong maging isang inhinyero at instrumento sa pagpapahayag ng pagmamahal ng Diyos at pagpapalaganap ng Kaniyang mga salita at karunungan sa lahat, lalo na sa mga kabataan, maliliit na bata at mga tinedyer sa pamamagitan ng pagaaral ng mabuti, pagsasaliksik at pag-alaala sa walang hanggang pagmamahal ng Diyos sa lahat ng aking ginagawa.

Ipagpalagay na ikaw ang mag-aaral na nagtakda ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay sa itaas. Ngayon ay lumikha ka ng talahanayan na naglalaman ng sariling mga hakbang na maaaring isagawa mo upang maisakatuparan ang mga layuning nakapaloob sa bawat elemento ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay. Gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba.

Halimbawa:

Elemento	Hakbang sa Gagawin	Takdang Oras / Panahon
Pag-aaral nang mabuti	*Pagbabalik-aral sa mga nagdaang aralin *Regular na pag-aaral ng mga asignatura	*2 oras araw-araw
Pag-alaala sa Diyos	*Panalangin *Pagdalo sa Banal na Misa *Pagsali sa mga Gawain sa simbahan at organisasyon	*Araw-araw *Tuwing Linggo *Sabado at Linggo

Ngayon ay ikaw naman...

Elemento	Hakbang sa Gagawin	Takdang Oras / Panahon



Suriin

Sa pagbuo ng PPMB, dapat ito ay nakatuon sa kung ano ang nais mong magyari sa mga taglay mong katangian at kung paano makakamit ang tagumpay gamit ng mga ito. Ayon kay Stephen Covey, upang makabuo ng mabuting PPMB, magsimulang tukuyin ang sentro ng kanyang buhay- halimbawa, Diyos, pamilya, kaibigan, pamayanan. Ito ay dahil ang sentro ng buhay mo ang magbibigay sa iyo ng seguridad, paggabay, karunungan at kapangyarihan.

Ang PPMB ay maaring mabago o mapalitan dahil ptuloy na nagbabago ang tao sa konteksto ng mga sitwasyon na nangyayari sa kaniyang buhay. Ngunit magkagayon man, ito pa rin ang magsisilbing saligan sa pagtahak niya sa tamang landas ng kaniyang buhay. Sabi nga ng isang kataga, “ *All of us are creators of our own destiny*”. Ibig sabihin, tayo ang lilikha n gating patutunguhan. Napakaganda hindi ba? Kaya pag-isipan mong mabuti, sapagkat anuman ang iyong hahantungan, iyan ay bunga ng iyong mga nagging pagpapasya sa iyong buhay.

Sa pagbuo mo ng PPMB, dapat na masasagot nito ang mga katanungang:

1. Ano ang layunin ko sa buhay?
2. Ano-ano ang aking mga pagpapahalaga?
3. Ano ang mga nais kong marating?
4. Sino ang mga tao na maaari kong makasama at maging kaagapay sa aking buhay?


Ayon kay Stephen Covey, nagkakaroon ng kapangyarihan ang misyon natin sa buhay kung ito ay:

- a. Mayroong kaugnayan sa kaloob-looban ng sarili upang mailabas ang kahulugan niya bilang isang tao.
- b. Nagagamit at naibabahagi nang tama at may kahusayan bilang pagpapahayag n gating pagka bukod-tangi.
- c. Nagagampanan nang may balance ang mga tungkulin sa pamilya, trabaho, pamayanan at iba pa.
- d. Isinulat upang magsilbing inspirasyon, hindi upang ipagyabang sa iba.

MGA DAPAT TANDAAN SA PAGBUO NG PERSONAL NA PAHAYAG NG MISYON SA BUHAY

- 1. Huwag Sumuko.** Maging determinado sa pag-abot ng mga layuning itinakda sa PPMB. Lahat ng bagay ay may proseso at hindi madalian.
- 2. Huwag ikompara ang sarili sa iba.** Ang lahat ng tao ay may iba't-ibang kalakasan at kahinaan, maging mga katangian, talento at kakayahan. Kumilos ng naaayon sa sariling kapasidad. Matutong maging masaya sa maliit man o malaking tagumpay.
- 3. Humanap ng Solusyon kaysa magreklamo.** Gamitin ang malikhain at malawak na pag-iisip upang gawing mas mainam ang paggawa ng isang bagay. Kung nahihirapan, maaaring humingi ng tulong sa iba, at ganun rin naman, kung nangangailangan ng tulong ang iba ay huwag magdalawang isip na tumutlong sa kanila.
- 4. Huwag Kalimutan ang krayteryang SMART.** Sa pagtatakda ng mga layunin sa PPMB ay laging isa-alang-alang ang krayteryang SMART. Kailangan na ito ay tiyak (*specific*), nasusukat (*measurable*), naaabot (*attainable*), angkop (*relevant*) at nasusukat ng panahon (*time-bound*).

Kung ang isang tao ay mayroong PPMB, mas malaki ang posibilidad na magiging mapanagutan siya upang makapagbahagi sa pagkamit ng kabutihang panlahat. Makatutulong ito upang makita mo ang halaga ng iyong pag-iral sa mundo na ikaw bilang tao ay mayroong misyon na dapat gampanan sa iyong buhay. Anuman ito ay dapat mong pagnilayan at ihanda ang iyong sarili kung paano mo ito sisimulan at gagawin. Mula dito, kailangang maging malinaw sa iyo ang iyong pag-iral: ikaw ay mayroong misyon na dapat gampanan.



Pagyamanin

Ngayon naman ay inaanyayahan kita na sumulat ng pagninilay tungkol sa natuklasan mo sa aralin. Isulat mo ito sa iyong kwaderno.

Sagutin ang mga tanong na:

1. Bakit makabuluhan ang pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay? Ipaliwanag.


2. Ano ang mahalagang katangian ang dapat mong taglayin sa pagbuo mo ng iyong Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay? Ipaliwanag.



Isaisip

Sagutin mo tanong sa ibaba upang higit pang malinang ang iyong kaalaman sa paksang pinag-aaralan.

Ano ang kaugnayan sa pag-unlad ng isang tao ang pagbuo niya ng kanyang Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay? Ipaliwanag.



Isagawa

Batay sa iyong mga natutunang mga konsepto ukol sa Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay, panahon na upang ikaw naman ang magtakda nito para sa iyong sarili.

Panuto: Isulat sa talahanayan sa ibaba ang mga layuning mayroon ka sa iyong sarili, karera, pamilya, kapwa at pamayanan na ayon sa krayteryang SMART, bilang pagbuo ng iyong Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay. Matapos kumpletuhin ang talahanayan, gamit ang isang *short/long bond paper*, lumikha ng iyong sariling *Vision Board* (Ang *Vision Board* ay isang bisuwal na representasyon ng iyong mga

layunin o mithiin na nakasaad sa iyong Perosnal na Pahayag ng Misyon sa Buhay). Maging malikhain at personal sa paggawa ng iyong *Vision Board*.

Halimbawa ng *Vision Board*:



Sagutin ang talahanayan:

Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay (ayon sa krayteryang SMART)	
SARILI	
KARERA	

PAMILYA	
KAPWA	
PAMAYANAN	

Bondpaper: *Vision Board*



Tayahin

Halina't ating sukatin ang iyong nakaimbak na kaalaman sa aralin. Subuking sagutin ang mga sumusunod na aytem para sa paunang pagtataya.

Panuto: Basahin ang bawat aytem at piliin ang angkop na sagot sa mga tanong/pahayag. Isulat lamang ang titik sa sagutang papel sa napili mong sagot.

1. Alin ang angkop na sitwasyon tungo sa mabuting pagpapasya?
 - a. Laging lumahok si Terry sa anumang party na inaanyayahan siya para maging masaya at makalimutan ang problema sa buhay kahit na may pandemya.
 - b. Walang nagawa ang magulang sa ginawang kalukuhan ng anak dahil sobra nitong pagmamahal.
 - c. Ang pag-iwas ni Carlo sa mga kaibigang gumagamit ng bawal na gamot ang dahilan kung bakit nagkaroon siya ng magandang buhay at di naisama sa mga nakulong.
 - d. Umalis ng bahay si Nena nang di nagpaalam sa magulang dahil gusto niyang mamuhay na mag-isa at di na kailangang hihingi pa ng anuman sa magulang.

Para sa 2-3.

Hilig ni Gabriel ang pagtugtog ng gitara at paglikha ng mga awitin kaya naman pangarap niyang maging sikat na musikero, samantalang ang kuya naman niyang si Gino ay mahilig mag-resolba ng mga *mathematical problems* at *equations* at pangarap na maging isang sikat na inhinyero. Dahil dito, madalas na ikinukumpara ang dalawa aat sa paningin ng iba ay mas magaling si Gino sa kanyang nakababatang kapatid.

2. Batay sa sitwasyon, ano ang dapat isa-alang-alang ni Gabriel sa aspeto ng pag-abot ng kanyang mga mithiin sa buhay?
 - a. Ang bawat tao aymay iba-ibang kalakasan at kahinaan
 - b. Ang pakikinig sa panghuhusga ng ibang tao sa lahat ng oras ay tama
 - c. Ang mga taong magaling sa *math* ay matalino sa lahat ng bagay
 - d. Ang pagkahilig sa musika ay walang kapaki-pakinabang
3. Kung ikaw si Gabriel, ano ang gagawin mo upang maipagpatuloy ang pagganap ng iyong mithiin sa buhay?
 - a. Makinig sa husga at komento ng mga taong hindi kilala
 - b. Iwasan ang kapatid upang maiwasan rin ang anumang pagkukumpara dito
 - c. Ibahin ang hilig upang maging pasok sa panuntunan ng iba
 - d. Ipagpatuloy ang hilig at kumilos upang mapagyaman pa ang mga hilig at talento

4. Ano ang iniisip ng tao sa tuwing siya'y nagpapasya?
 - a. Kung ano ang maidudulot nito sa buhay
 - b. Kung ano ang kahihinatnan nito sa'yo at sa iba
 - c. Kung ano ang sanhi at bunga ng pagpapasya mo
 - d. Lahat ng nabanggit

5. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa dapat na isaalang-alang sa pagbuo ng Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay?
 - a. Kailangang pag-isipan ng mabuti ang isasagawang desisyon.
 - b. Suriin mabuti kung ano ang negatibo at positibong epekto nito.
 - c. Isipin kung ito ay may magandanag dulot sa iyo.
 - d. Hayaan kung dulot nito ay negatibong epekto sa iba.

6. Alin sa sumusunod ang dapat taglayin ng isang tao upang makapagpasya ng tama?
 - a. Di nakikialam at mapusok
 - b. Matatag, may kababaang loob at mapagtimpi
 - c. Masayahin ngunit mapanghusga
 - d. Matalino pero marupok

7. Alin sa sumusunod ang angkop na kasagutan kung ikaw ay naging masaya sa iyong pagpapasya at nakatutulong para sa kabutihang panlahat?
 - a. Kung ikaw ay may kahandaan sa pagpapasya.
 - b. Kung ikaw ay may positibong pananaw.
 - c. Kung ikaw ay di naguguluhan sa iyong ginagawa.
 - d. Kung ikaw ay nakapagpapasya ng tama ayon sa kabutihang panlahat.

8. Alin sa sumusunod ang naging batayan sa iyong pagpapasya?
 - a. Kung anong dikta ng isip at konsensya
 - b. Puso lamang ang sundin
 - c. Isip at puso sabay ang taimtim na panalangin
 - d. Konsensya lamang ang pairalin upang ikaw ay makapagpasya

9-10 Basahin at unawain ang sumusunod na sitawasyon.

Si Carol ay isang mahusay na *theater artist* sa kanilang paaralan at kasalukuyang nasa *junior highschool*. Nais niyang ipagpatuloy ang kanyang pagkahilig sa teatro sa pamamagitan ng pagkuha ng kursong *Speech and Theater and Arts* sa kolehiyo. Tutol naman ang kanyang mga magulang sa kanyang kagustuhan dahil para sa kanila ay hindi aasenso si Carol sa larangang ito.

9. Kung ikaw si Carol, paano mo mapapatunayan ang pagiging pursigido mo sa iyong mga pangarap?
 - a. Tanggapin na lamang ang desisyon ng magulang at kunin ang kursong hindi naman hilig
 - b. Huminto na lamang sa pag-aaral dahil ayaw naming suportahan ng magulang
 - c. Kumuha na lamang ng kurso na kagaya ng sa iba
 - d. Unti-unting patunayan sa mga magulang na kayang magsumikap upang umunlad sa anumang larangan sa buhay

10. Batay sa iyong sagot sa bilang 5, ano ang katangiang ang higit na kinakailangan ni Carol upang maganap ito?

- a. Pagiging Masiyahin
- b. Tiyaga at katatagan ng loob
- c. Pagiging organisado at maayos
- d. Pagiging sobrang talino



Karagdagan Gawain

Sagutin at gawin ito sa iyong kuwarderno.

“Bakit kailangan ko na bumuo ng Personal na Pahayag ng Misyong sa Buhay?”
Ano ang mga magandang dulot nito sa akin?”



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. C
2. A
3. D
4. D
5. D
6. B
7. D
8. A
9. D
10. B

Subukin

1. D
2. D
3. A
4. B
5. C
6. A
7. D
8. C
9. D
10. B

Sanggunian

Gayola, Sheryll T. et. al. 2015. Edukasyon sa Pagpapakatao 9: Modyul Para sa Mag-aaral. 5th Floor Mabini Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600: FEP Printing Corporation

Street, E. (2015, January 5). *5 Ways Successful People Overcome Major Obstacles*. Learning Lift Off. <https://www.learningliftoff.com/5-ways-successful-people-overcome-major-obstacles/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph